

I *The Chain Letter*

O ctober 6, Friday 5:15 PM

Please, help me! Save yourself and your loved ones...

Nabasa kaagad ni Allie ang preview ng mensahe ni Serena sa pag-open niya ng *Facebook Messenger*. Napataas-kilay siya pero iniunang buksan ang mensahe ni Mateo, ex-boyfriend niya.

I'm sorry. Ako ang may problema, saad nito sa chat.

"Bastard," naibulong niya. "So, cliché. Wala bang bago?"

Pinagpalit siya nito sa iba matapos ang three years nilang relasyon. Nasaktan siya.

But life must go on. Hawak pa rin ang *Android* phone, ibinagsak ni Allie ang katawan sa kanyang kama.

Naka-uniform pa siya ng *Emilio University*—beige blouse with tie at fitted green skirt. Nasa Grade 12 na siya at ICT ang strand niya. Computer Programming ang gusto niyang kunin sa college at dahil last year na niya sa senior high, mas maraming pinagagawang project ang mga teacher. Katatapos pa lang niyang mag-present ng isang group animation project nang hapong iyon.

Ipinikit ni Allie ang mga mata. Pagod at mabigat ang kanyang katawan, at gusto niyang matulog. Niyaya siyang lumabas ng mga kaklase para i-celebrate ang success ng animation nila, pero mas pinili niyang tumuloy sa dorm. Bukod sa hindi niya type makipagsosyalan, maaga rin sila ng ka-dorm na si Cath na uuwi sa San Luis kinabukasan para sa weekend.

Muling napamulat si Allie sa pagtunog ng cellphone. Tinawagan siya ni Cath.

“Yeah?” walang buhay ang tono niya. Bored at pa-b*tch.

“Oks ka lang?” Concerned ang matinis na boses ng kanyang dormmate.

“Nag-message siya,” kaswal niyang tugon. “The hell with him.”

“Mayamaya ako uuwi. Nasa library pa kami.” Mapaklang napangiti si Allie sa sumunod na sinabi nito. “Wait lang. Pagdating ko, p’wede mong iiyak ’yang sama ng loob mo.”

“I’m fine—”

“Yeah, s’abi mo nga.” Nawala na ang matinis na boses nito sa pandinig niya.

Napabuga na lang si Allie ng hangin sabay napatitig sa touch screen ng phone. Nasa *Messenger* pa rin siya. Unopened pa rin ang mensahe ni Serena. Nai-tap niya ito.

“Seriously?” Napaupo siya sa gilid ng kama. Gusto niyang matawa at mainis. Isang chain letter ang nauna sa naka-preview na message ni Serena. Ikalawang mensahe na pala ang unang nabasa niya sa *Messenger*.

Napailing na lamang siya sa pagkaasar. Dati niyang classmate sa *San Luis Junior High* ang babae pero hindi niya ito ka-close. Kaya siguro isa siya sa pinadalhan ng chain letter. Pero mukhang desperada ito. Gumawa pa ng personal message na nagmamakaawa na gawin niya ang pag-resend sa cursed letter.

Yeah, cursed as in ‘cursed’ daw, naisaloob ni Allie. Muli niyang pinasadahan ng basa ang pamilyar na chain letter.



FRI AT 4:30 PM

Babala: This is a cursed chain letter. Pwede kang mamatay kung babasahin mo.

Ipadala ang letter na ito sa mga kakilala. Sa loob ng pitong (7) araw ay dapat na makatanggap ka ng tatlong (3) sagot na nagsasabi na ginawa ng pinadalhan mo ang pag-resend sa chain letter na ito.

Mayroon ka dapat dalawang (2) positibong sagot sa ikaanim na araw dahil kung wala, mamamatay ang isa sa minamahal mo sa araw na iyon; same time na na-receive mo ang chain letter. At kung hindi mo nakumpleto ang tatlong (3) positibong sagot sa ikapitong araw, ikaw ang mamamatay, same time na na-receive mo ang chain letter.

Kung nabasa mo na hanggang dito, kinapitan ka na ng sumpa.

Kamatayan ang kapalit kung hindi mo gagawin ang task ng pag-resend at pagpapa-resend sa cursed letter na ito. Kamatayan din ang kabayaran sa mga mandaraya.

Huwag ignorahin.

Within six (6) hours ay makakakita ka ng dugo.



Ang pagkakita ng dugo ay sign na genuine ang cursed letter, sabi ni Allie sa isipan.

May mga kondisyon pa sa chain letter pero

hindi na niya binasa ang mga ito.

Nawala na ang antok niya dahil sa chain letter. Ni-resend niya ito via *Messenger* kay Cath para i-good time. Mapagpaniwala ang kanyang dormmate at hula niya ay kakagat ito sa cursed letter. Pagkuwa'y nag-compose siya ng sariling isinumpang chain letter para kay Serena. Pang-asar sa babae na hindi ito dapat na maniwala sa mga gawa-gawang sulat. Wala rin siyang balak na sundin ang nakasaad sa cursed letter.



FRI AT 5:30 PM

BABALA: Basahin nang mabuti at ipasa sa 10 tao para maputol ang sumpa.

Isang batang taga-Quezon ang nagdamot ng tinapay sa isang matanda. Ito pala ay isang engkantadang panadero. Isinumpa ng engkantada ang bata kaya ito ay naging isang pandesal. At dahil naghiganti ang batang naging pandesal, gumawa ito ng engkantasyon at ipinasa sa mga ka-FB.

Ang makakabasa nito ay magiging tinapay sa loob ng 20 oras. Ipasa ang mensahe nito sa 10 tao at sambitin ang engkantasyong ito: Engkantadang panadero, ako'y huwag gawing tinapay.

Ipasa sa 10 tao para hindi ka maging

pandesal :)



Anybody can make a chain letter. Mangdidikta. Mananakot. Magpapaasa. Gawain ng mga taong walang magawa sa buhay.

Tila hinihintay ng dating classmate ang kanyang reply sa *Messenger*. Sa pag-post niya sa customized chain letter niya bilang sagot sa cursed letter nito, lumabas kaagad ang icon ni Serena sa chat, senyales na nabasa nito ang sagot niya. Hindi ito nag-reply ng anuman sa chain letter niya. Napahiya o nagalit siguro.

“So what?” Ini-off ni Allie ang data ng *Android* phone niya para ma-disconnect na siya sa *Messenger*. Hindi dapat pinapatulan ang mga chain letter. At siya pa talaga ang pinadalhan ng cursed letter? How hilarious...

Nagpalit siya ng pambahay, maluwang na T-shirt at boxer shorts. Itinuloy na niya ang balak na pagtulog. Mahigit isang oras pa ang lumipas nang maalimpungatan siya sa tunog ng susi ni Cath sa pagbubukas nito ng pinto sa kuwarto nila.

“Allison Ferrer!” bungad nito. Bagamat inis ang boses, nagdudumilat ang mga mata nito sa pagkamangha. “Nakakatakot ’yun!”

Petite at maliit na babae si Cath.

Nakasalamín. May one-length na buhók. Ibinaba nito ang backpack at ang mga dalang libro sa ibabaw ng kama nito, sa kabilang side ng silid nila. Grade 12 na rin ang kanyang dormmate. STEM ang strand nito pero dahil sa *Emilio University* din ito pumapasok, magkapareho sila ng uniporme.

Expected na ni Allie ang reaksiyon nito.

Naupo siya mula sa kanyang hinihigaan. Naghikab at nginisihan ito. “You haven’t sent it to anyone, have you?”

Nagtataakang tiningnan siya ni Cath na ikinatawa niya. “Seriously? Catherine Faller?”

“Pero dapat lang na i-resend ko, di ba?” Inayos nito ang eyeglasses sa mata. “The consequences are disturbing. Ayaw kong mamatayan at mamatay.”

Kinuha nito ang phone at may tinipa roon. “Nag-reply na ako sa ’yo.”

Ipinakita nito ang screen ng phone. Bukas ang *Messenger*, doon ay nakita niya ang kanyang chain letter. Sa ibaba nito ay ang sagot na: *Done with your request*.

“Fool, para ka talagang bata.” Bumaba na si Allie mula sa kinahihigaan. Tatawa-tawang sinuklay niya ng mga daliri ang mahaba at straight niyang buhók na nagusot dahil sa paghiga niya.

Bahagyang tiningala siya ng kanyang

dormmate. Slim din si Allie pero mas matangkad siya nang four inches sa kaibigan, sa height niyang 5'5".

Ibinuka nito ang bibig. May sasabihin pa sana ito nang mapako ang mga mata nito sa kanyang kama. Pink ang beddings niya kaya madali rin niyang nakita ang napansin nito. May dugo sa kanyang kama!

II

Serena's Death

*O*ctober 7, Saturday 8:30 AM
“Will you please stop?” Nang makakuha ng tiyempo, nag-overtake si Allie sa sinusundang pampasaherong jeep. “No one’s going to die. That chain letter, same like the others, is a joke. It’s only natural that I saw blood yesterday dahil dinatnan ako ng monthly period ko.”

Depende sa traffic kaya ng tatlong oras ang biyahe mula Maynila hanggang San Luis, Quezon. Five a.m. sila umalis ng kaibigan kaya mga eight thirty ay may kalahating oras na lang silang itatakbo patungo sa hometown nila. Pero dahil kaskasero ang matangkad na dalaga, maka-cut pa ang travel time nila ng

fifteen minutes.

“Kahit na.” Iniayos ni Cath ang upo sa passenger seat sa biglang pagbulusok nila sa palusong at liku-likong kalsada. “Just for precaution. Wala namang mawawala, di ba? Tatlong tao lang ang kailangang gumawa ng task, then okay na. May isang response ka na sa akin... dalawang tao na lang ang kailangan mong i-convince. At konting bagal, please. Gusto ko pang makarating nang buhay sa atin!”

“The chain letter should be read and understood,” tugon nito. “Kung hindi ito binuksan o tiningnan lang ang simula, tapos ay hindi binasa pababa, wala itong effect sa makakatanggap at mapuputol ang chain. Yung mga nag-oo sa 'yo na hindi naman binasa ang chain letter, safe sila pero patay ka. Kung binasa naman nila 'yun, nag-oo sa 'yo, pero hindi din ginawa ang task, pareho kayong patay.”

“Ang galing,” tawa ni Cath. “So, pinag-aralan mo talaga?”

“Yeah... and its bullsh*t!”

Her friend rolled her eyes.

“At sabi mo kasi, ang mens ko sa beddings ko ang tanging nakita mong dugo?” Ngumisi ito. “Di ba dapat, may kanya-kanya tayong experience sa pagkakita ng dugo?”

Sandali siyang napaisip. Dahil kaya ginawa niya kaagad ang pagpasa sa chain letter? At sa mahigit na dalawampung taong pinadalhan niya, nakatanggap na siya ng tatlong response?

“May sumagot na sa akin bago matapos ang six-hour notice.”

Tinawanan uli siya ng kaibigan. “You are so gullible.”

“Kumusta ka na?” Iniba ni Cath ang topic. Ang problema nito tungkol kay Mateo ang tinukoy niya. Nagsawa na siya sa pang-aalaska ng kasama.

“I’m okay,” kaswal ang sagot ni Allie, medyo nakangiti pa.

Maniniwala sana siya pero alam niya ang pinagdaanan nito at ng ex nito. Kahapon pa niya ito sinisikap kausapin pero naging dedma lang ang kaibigan.

“Kailan pa pala niya girlfriend si Jenna?”

Diretso lang ang mga mata ni Allie sa kalsada, hindi siya sinagot. Then for a brief moment, she saw it: ang kirot sa mga mata nito. Nang hindi na ito nagsalita, inunawa na lang niya ang kaibigan. Hindi pa ito handang mag-share ng saloobin.

Tahimik na silang nagbiyahe. Mayamaya pa ay pumatak ang ulan. Nasa vicinity na sila ng San Luis. Same old neighborhood. Maulan at tahimik.

Nilampasan nila ang *San Luis Academy* na alma mater nila ni Allie. Biglang sumagi sa isipan ni Cath ang kaklaseng si Serena. Malapit lang kasi ang bahay nito sa school nila.

Pasimpleng tinanaw niya ang tirahan nito. Puting bahay. Tatlong palapag. May balcony sa second at third floor. Inasahan niya na may mga nagkakagulong tao sa harapan ng bahay, may mobile ng police at ambulance. Pero wala.

“S’abi mo, ikaw ang only hope niya,” nasabi niya kay Allie. Nakatingin din pala ito sa bahay nina Serena. “How is she kaya?”

Ang kaibigan naman ang nagtirik ng mga mata at tumuloy na sila sa loob ng bayan. Ikaanim ng hapon nang mabalitaan nila ang aksidente ng dating kaklase.



Nakapangingilabot ang kamatayan ni Serena. Freak accident. Nakuryente umano ito. Sunog din ang isang bahagi ng mukha nito.

Ang pamplantsa nito ng buhok ang culprit. Hawak pa rin ng dating kaklase ang hair iron nang makita itong bumagsak ng ina at ng isang katulong sa balcony ng kuwarto nito, sa third floor.

“I heard sira raw talaga ‘yung hair iron,” bulong ni Allie. “Why was she using it in the first place?”

“But it’s really bizarre,” bulong ni Cath pabalik. “Hindi kaya involved na nga ang cursed letter? I wonder kung nakumpleto ni Serena ang three positive responses niya.”

Hapon pa ng Linggo ibinalik ng punerarya ang mga labi ng dating kaklase sa bahay nito. Gabi sila pumunta para makiramay. At sa panig ni Cath, para makiusyoso na rin.

“Seriously? Chain letter na naman?” Kung sa biyahe ay siya ang naasar kay Allie, nabaligtad na ngayon ang sitwasyon. Ewan niya kung epekto lang iyon ng monthly period nito. Pero pwede rin na nakita na nito ang point niya ukol sa cursed letter at in denial pa rin ang kaibigan. “Serena’s death was an accident. Closed case na ito sa mga pulis.”

Matapos siyang pandilatan ng mga mata, as if sinabing tigilan na niya ang tungkol sa cursed letter, ibinalik ng dalaga ang atensyon sa larawan ni Serena, sa ibabaw ng ataul.

Isa sa mga glamour girl ng batch nila ang dating kaklase. Isa rin sa top ten nila. Napakaganda nito sa larawan. Maputi. May chinitang mga mata. Straight, mahaba, at kulay mais na buhok. It’s a shame kasi wala na ang mga katangiang iyon sa loob ng closed casket nito.

Tahimik silang nagdasal sa harapan ng saradong ataul ng dating kaklase. Pagkuwan,

matapos mag-condolence sa mga magulang ni Serena, lumabas sila. Tumambay sila sa mahabang tent, sa harapan ng bahay.

Noon ay mag-iikasiyam na ng gabi. Marami na ang mga nakikiramay. Nakahanap sila ng puwesto sa isang pang-apatang mesa, sa ilalim ng mahabang tent.

“I am tired of your nonsense.” Si Allie.

“Sorry, nag-aalala lang,” buntong-hininga ni Cath. “Death is something inevitable. Hindi natin close friend si Serena pero hindi natin gusto ang nangyari sa kanya. At least... siguro kung may sakit siguro siya. Pero talagang disturbing ang pagkamatay niya. Naawa talaga ako.”

Magkatabi ang mga silya nila at tinapik niya ang balikat ng kaibigan. “Please, gawin mo na ang nasa chain letter. I-resend mo na. Ayaw mo namang mamatay si Mateo, di ba?”

“Bullsh*t!” tiim-bagang na sabi ni Allie. Nainis na talaga. “So, hindi mo talaga ako titigilan? At idinawit mo pa ang pangalan niya.” Lumungkot ang mukha nito.

She still misses him, naisaloob ni Cath. Mahal pa talaga nito ang ex-boyfriend.

Ibinuka nito ang bibig, aawayin pa siya. Tatawagin siyang ‘mapagpaniwala,’ ‘gullible’ o ‘matatakutin,’ pero natahimik ito sa paglapit ni Frances. Tinanguan nila ito. Si Frances ay

dati rin nilang kaklase sa *San Luis Academy*, at best friend ni Serena.

“It is good na napadaan kayo,” anitong nakangisi. “I hope hindi para lang makiusyuso?”

Pinamulahan si Cath. Sincere naman siya sa pakikiramay pero hidden agenda rin niya ang huling binanggit ng babae.

Bagaman maulan, hindi naman maginaw ang gabi. Naka-jeans at sleeveless blouse din ang best friend ni Serena katulad ni Allie. Siya ay naka-maong na jumper shorts.

Medyo chubby si Frances, at halos ka-height lang niya. Naka-pony tail ang kulot na buhok nito. Maputi at mukhang mahadera sa nalilinyahang mga kilay at pulam-pulang nguso. Isa ito sa mga ka-top ten ni Serena. Isa ring glamour girl but without the ‘glamour.’

Pwede sanang ibilang sa grupo nina Serena at Frances si Allie. Unfortunately, ‘whatever,’ ang motto ng kaibigan. Walang paki.

Wala naman kasi itong dapat patunayan. Alam nito na bukod sa angking ganda, sadyang may talino ito kahit hindi manguna sa klase. Mayaman din ang dalaga. Maraming negosyo ang pamilya nito, paroo’t parito lang sa pangingibang bansa ang mga magulang. Between her and Allie, mas matapang itong makiharap sa kahit kanino.

“Dati naming classmate si Serena.”

Inismiran ni Allie si Frances. “Nope, hindi lang kami naparito para makiusyoso.” Dumakot ito ng ilang *Maxx* candy sa isang plato ng mga candy at tinapay sa mesa nila. “Pumunta rin kami rito para makikain.”

Napangiti man sa sarcasm ni Allie, hinila na niya ito para umalis. Guilty pa rin siya. “Sorry, Frances, kung sa tingin mo ay nakikiusyoso kami. We will go ahead na lang.”

“Hindi n’yo naman kasi close friend si Serena,” tugon ng medyo matabang babae. “Pwedeng maniwala ako kung ikaw lang ang pupunta dahil mas mabait ka sa kanya—”

“Mas mabait? So you think mga salbahe kami?” Tumayo na ang kaibigan at pinamaywangan si Frances.

Nanatili naman kay Cath ang tingin ng huli, inignora si Allie. “You came here because of the cursed letter. Pinadalhan din kayo ng chain letter ni Serena.”

“Hindi, ah?” biglang sabi niya. “Siya lang.”

“Really?” Si Allie kay Cath. “I told you to quit it already. Walang kinalaman ang chain letter kay Serena. At ilaglag ba ako sa babaeng ‘yan?”

“You are wrong,” seryosong sagot ni Frances. “May mga kakilala pa kaming namatay dahil sa cursed letter.” Muli itong bumaling sa kaibigan. “Si Mateo ay nakatanggap din.”

Napamaang siya sa ideya. Si Allie ay pinamutlaan.

“Oh really?” asar na tanong nito. “Don’t make stories, b*tch. Baka hindi mo magustuhan ang gagawin ko sa ’yo.”

“Yeah!” May inginuso si Frances sa direksyon ng bahay nila Serena. Labas-masok pa rin ang mga tao roon. “Ask him yourself, b*tch!”

“Pwede bang kumalma?” awat ni Cath. Pinagtitinginan na kasi sila ng mga nakikipaglamay na malapit sa mesa nila.

Tinunghayan niya si Mateo. Halatang nagtaka ang binata sa pagkakilala sa kanila ni Allie.

Kasama ni Mateo si Jenna, bagong girlfriend nito at batchmate din nila sa *San Luis Academy*. Awkward itong naglayo sa pagkakita sa kanila.



“When did you receive the chain letter?” Si Frances kay Allie.

Dalawang bahay lang ang layo ng tirahan nito kina Serena. Nagkataong wala ang mga magulang at kapatid nito kaya sa salas sila pinatuloy ng babae. Sadyang nagkita sina Frances, Mateo, at Jenna sa burol ni Serena para pag-usapan ang tungkol sa cursed letter.

Ayaw talagang sumama ni Allie sa grupo, napapayag na lang ito ni Cath.

“None of your business,” tugon ng kaibigan. “As if it matters—”

“Gusto lang namin na hindi ka mamatay, Allie,” pakikisali niya. “Please, cooperate.”

“Ewan ko d’yan sa BFF mo.” Tumayo mula sa kinapwewestuhang silya si Frances. “May kukunin lang ako sa kuwarto ko.”

“Huwebes ko natanggap ang chain letter, Al,” maingat na saad ng ex ni Allie nang iwan na sila ni Frances sa salas.

Al? naisaloob ni Cath. Ang binata lang ang tumatawag ng ganoon sa kaibigan niya. Iyon ang special nickname nito.

Nakita niya na sumimangot ang kanyang dormmate.

“I got mine last Friday.” Nagkibit-balikat ang dalaga. “But I really don’t think it matters. Hindi totoo ang cursed letter na ’yan.”

Nakaupo sila ng kaibigan sa mahabang sofa. Sa kabilang bahagi ng mesitang pumapagitna sa kanila, nakapwesto naman sa tig-isang silya sina Mateo at Jenna. Hindi sinasadya, dumako ang mga mata ni Allie sa katabi ng ex. Kasabay ng pagtungo ni Jenna, inirapan ito ng dalaga.

Kapitbahay at childhood friend ni Mateo si Jenna. Batchmate nila ang babae pero sa

Maynila ito nagtapos ng junior high. Morena ito taliwas sa mestiza beauty ni Allie. Bagaman straight at hanggang baywang din ang buhok, brown ang buhok nito; kontra sa raven black shade ng kaibigan. Naka-jeans din si Jenna katulad ng boyfriend nito. Pero habang napaka-macho ng binata sa three-fourths nitong grey shirt, napaka-feminine naman ng babae sa rose pink nitong blouse.

Cath had to admit na bagay din sina Mateo at Jenna sa isa't isa. Kung sana nga lang ay nagtapat na lang nang mas maaga ang dalawa kay Allie.

Parang kinurot ang puso niya, muling naawa sa kaibigan.

May ibinagsak na mga ginupit-gupit na dyaryo si Frances sa ibabaw ng mesita. "News clippings na nakuha ko sa iba't ibang dyaryo," sabi nito sa kaibigan na tinaasan ito ng kilay. "Mga ebidensya ko na authentic ang chain letter."



Mahigit dalawampu ang mga newspaper clippings. Mga balita iyon ukol sa iba't ibang klase ng aksidente. Karaniwan ang pagkabangga, pagkalunod, at pagkahulog. May mga nakakatakot din katulad ng nangyari kay Serena, mga nasunog at nakuryente. Isang

balita ang nagpangiwi kay Cath.

Binasa niya nang malakas ang hawak na clipping. “January 15, 2017 ang date ng balita. Mag-a-alas dos ng hapon sa Kundiman St., Quezon City. Dead on the spot si Millie Anne Dahilig, estudyante, 16 years old. Nabagsakan ng glass pane ng malaking bintana si Dahilig mula sa sixth floor ng isang commercial building. Halos hindi makilala si Dahilig sa mga piraso ng salaming humiwa sa mukha nito. Ang pinakamalaking piraso ng salamin ay tumusok sa leeg na naging sanhi ng kamatayan nito.”

Inayos niya ang eyeglasses bago tinunghayan si Allie. Nakamasid lang ito sa kanila. Bored sa mga news clippings na binabasa at pinag-aaralan nila.

Nagtanong ito. Sarcastic. “So what’s the connection?”

Si Mateo ang sumagot, “Schoolmate siya ni Jenna sa *San Sebastian College*. Kaklase si Millie ng bunso niyang kapatid sa Maynila. Kumalat sa campus na nakatanggap si Millie ng cursed letter.”

Tumango lang ang girlfriend nito bilang pagsang-ayon.

“Anyway, sobrang weird din ang aksidente.” Binasa uli ni Cath ang hawak na article. “Ang s’abi rito, nakapagtataka daw ang nangyari

dahil secured daw at laging ini-inspect ang mga salamin. Pwede rin daw umiwas si Dahilig pero ayon sa mga witness, para daw napako sa kinatatayuan si Dahilig. Blangko raw ang expression sa mga mata habang nakatingin sa pabagsak na salamin.”

“Parang may nakitang kung ano,” dagdag ni Frances. Ibinigay nito ang binabasa sa kanya. “Read this. Headline ito last October 2.”



BINATILYO, NAG-SUICIDE?

Dakong alas cuatro ng hapon nang mabulabog ang tahimik na kalye ng 23 Blumentritt, San Roque, Laguna sa pagbagsak ng isang binata mula sa fourth floor ng isang boarding house. Ang binata ay nakilalang si Emil Suria, tubong Pakil, Laguna, bente anyos.

Ayon sa imbestigasyon, balisa at pinanlalamigan si Suria nang maratnan ito ng boardmate nitong si Danilo Impoy, tanging saksi sa loob ng kuwarto nila. Sinabi ni Suria na mamatay daw ito dahil sa cursed letter. Tinangka pa itong kausapin ni Impoy nang biglang mablangko ang mga tingin nito sa isang direksyon at sinabing, “Narito na siya.” Noon tumakbo si Suria sa balkon ng apartment at tumalon.



“I wonder...” Nag-uuyam na naman ang tono ni Allie. Dumampot ito ng ilang clippings sa ibabaw ng mesita at ini-scan ang mga dates doon. “October 2016 ang pinakalumang date sa koleksyon mo, Frances. This... whatever you want to call it, has been going on for two years now.”

Ibinagsak nito ang mga hawak at ikinalat sa mesita. “At hindi pa siguro kumpleto ang mga ito. Mas marami pa ang namatay sa ‘whatever’ na ‘yun kung maghahanap ka pa sa mga dyaryo. The thing is... Bakit walang ginagawa ang mga pulis? I’ll tell you why... It’s because they also think it’s stupid!”

Gumuhit ang nang-aasar na ngiti sa pulang mga labi ni Frances. “It’s because no one has ever figured it out aside from me. And FYI, may pulis na ngayong nag-iimbestiga.”

Isa pang newspaper clipping ang iniabot nito sa kanya. “May lead na rin sa origin ng cursed letter.”

Ini-adjust ni Cath ang salamin sa mata para basahin ang article. Ini-s snatch ito ni Allie na napapangising napataas-kilay.

“No... sh*t,” anito mayamaya.

III

The Bullied Boy

“Parating na raw sila.” Ibinulsa ni Cath ang phone sa skort na maong. Matapos ayusin ang collar ng baby blue polo shirt ay lumulan na ito sa passenger side seat, sa unahan ng *BMW*.

Makulimlim ang kalangitan. Nagbabadya ang ulan. Bukod sa gustong makaalis ni Allie bago pa maabutan ng ulan, ayaw niyang maipit sa traffic.

Asar na bumuga siya ng hangin. Isinuklay palikod ang mahaba niyang buhok. Sa paghila ng dormmate sa pinto nito, itinulak naman niya pabukas ng nasa driver-side na pinto niya.

Siya naman ang lumabas. Iniunat niya

ang mahahabang biyas. Nakasimpleng printed white T-shirt lang siya. Mahaba ang pang-itaas kaya ibinuhol niya ang laylayan nito sa midriff niya. Naka-rubber shoes din siya katulad ng kasamang petite na dalaga pero pinili niyang isuot ang black stretchable jeans niya para sa biyahe.

“We were supposed to leave at six,” angal ni Allie. “Kanina pa sila dapat na narito.”

“Nagpaalam ka ba sa mama mo?” Obviously, gusto na lang siyang iliko sa ibang usapan ni Cath para kumalma siya.

Naki-ride naman si Allie, na-realize na ang dormmate ang palagi niyang napag-iinitan. “They are both in Singapore,” tugon niya. “Yaya Dora knows I’m going back to Manila but they have no idea where I’m really going.”

Tiningala ni Allie ang bintana ng mga magulang sa third floor ng malaking bahay. Nasa compound pa sila ng tahanan. Sa driveway niya piniling hintayin ang mga kasama. Makikisakay din sa kotse niya sina Frances at ang pulis na nag-iimbestiga sa kaso. Si Mateo ay susunduin naman si Jenna sa lola nito. May dalang sasakyan ang dating ex.

Parang may mapait siyang nakapa sa lalamunan. Kaya ba niya? Tatagal ba siyang kasama buong araw ang lalaking nagtaksil

sa kanya, at ang bago nito? Yesterday was a nightmare for her. Para siyang iginigisa sa kawali. Fortunately, mas awkward sa buong sitwasyon ang 'Jenna' ni Mateo. Dapat lang na ito ang mahiya!

"Hindi alam nina 'Nay na a-absent tayo," pukaw ni Cath sa iniisip niya. "Sana maging successful tayo sa pupuntahan natin." Curious na tinitigan siya nito. "Bakit nga pala nag-decide ka na sumama tayo? Naniniwala ka na?"

"Of course not," she scoffed. "Something caught my interest, but that doesn't mean I've also become a fool like you."

Cath rolled her eyes. Idinaan nito ang isang hintuturo sa nguso, kunwari ay zini-zipper ito. Noon nila natanaw na papasok sa driveway ang medyo matabang babae at ang isang lalaki.

"Finally!" naibulalas niya sa dismaya.

"Siya ba ang pulis?" Sa paglulan niya sa kotse para i-start ay itinuro ni Cath ang lalaking kasunod ni Frances.

Karaniwan ang taas ng lalaki. Kayumanggi. Payat. Semi-kalbo. Hindi naka-uniporme. Pero naka-maong na jacket.

Lisa ang naging ideya nina Allie at Cath. "*Ang Probinsyano?*"

"Coco Martin?" ngisi nito.

Umiling siya. “Coco Jam.”

“Si *Cardo*?”

“Si Kalbo.”

Nang humagikgik ang dormmate, napangiti na rin siya sa sariling biro. “But he is not really the policeman, is he?”

“Hindi siguro,” ayon ni Cath. “Mas mukha siyang tambay na komedyante.”

Nagkusang nagbukas ng pinto at pumwesto sa backseat sina Frances at ang payat na lalaki. Kapwa nakakunot-noo ang mga ito habang nakatingin sa kanila. Nagtatawanan pa rin kasi sila.

Tumikhim ang dating kaklase. Inayos nito ang pony tail ng kulut-kulot na buhok. Red na red ang lipstick ng babae. Pero lumapad ang chubby figure nito sa horizontal stripes ng dress nitong hanggang hita ang haba.

“Good morning. Sorry, we’re an hour late,” paumanhin nito na tila hindi naman sincere. Tonong nagmamalaki pa ito. “Hinintay ko pa kasi ang pinsan kong pulis.”

“Pinsang pulis?” Muntik nang masamid si Cath.

“Seryoso?” Tumawa naman siya. Inaasahang sasabihin ng dating kaklase na nagjo-joke lang ito.

Pa-cool na yumukod sa kanila ang ipinakilalang pinsan ni Frances. “PO1 Limuel

Estrabo at your service,” pakilala nito sabay kindat.

Tuluyan nang nawala ang mga ngiti nina Allie at Cath.



“So, you mean to say that this cousin of yours doesn’t own this case?” Hindi siya makapaniwala sa ipinagtapat ni Frances. “Wala talagang case? You just want him to make further investigation?”

Ang case na tinukoy niya ay ang suicide ni Suria. Pinaghinalaan ng awtoridad na may foul play sa pagkamatay nito at ang boardmate nitong si Impoy ang nadiin.

“Walang kasalanan si Impoy,” sabi ng kausap. “It was the cursed letter—”

“It doesn’t matter,” putol ni Allie. “Nakakulong na ang Impoy na ’yun. Sarado na ang kaso.”

“But if we can pull this off, mapapawalang-sala si Impoy,” giit nito. “And magiging case na ito ng pinsan ko... officially, ‘his’ case.”

“At magiging sikat ako,” mayabang na saad ni Limuel.

“Seryoso?” reklamo ni Cath sa pulis. Worried ang expression nito. “Pero paano kung mayroong mangyari sa atin? Wala pala tayong back-up?”

Tumikhim ang payat na lalaki at tinapik ang baywang nito. “Mayroon akong kalibre .45. Kaya ko kayong protektahan.”

“Yes, he can protect us,” segunda ni Frances. “Usually, sa traffic duty siya pero dahil pulis siya—”

“Bagong *graduate* na pulis,” nakangising paglilinaw ni Limuel.

“—may training sila sa mga emergency,” pagtatapos ng medyo matabang babae na natampal ang noo.

“Newly grad na traffic officer?” Mapaklang tumawa si Allie at itinuon ang atensyon sa pag-abante ng sasakyan sa unahan nila. “How reassuring.”

Inabot na nga sila ng ulan sa kalsada. Hindi rin naiwasang naipit sila sa traffic, sa Los Baños, Laguna. Imbes na lalong maimbyerna, inusisa na lang niya ang tungkol sa pupuntahan sa Sampaloc, Manila.

“So what do you plan to do when we get there?”

“Hopefully, we could interview one of his relatives. Baka may makatulong sa atin kung paano maputol ang cursed chain letter—”

“We could just ignore it,” nang-uuyam na saad ni Allie.

“His name is Marcelo Quevedo.” Hindi siya nito pinansin. “He was in Grade 8 when he

took revenge and sent the cursed chain letter to all his bullies.”

“Medyo mababaw,” sagot ni Cath. “At ano nga pala ang naging basis mo?”

Kinuha ng dormmate ang newspaper clippings mula sa maliit na backpack. Ito ang article na iniabot ni Frances nang nakaraang araw, na hindi pa nila naisauli. “Ang balita ay tungkol lang sa pag-inom ni Marcelo ng muriatic acid. Walang binanggit na bully o chain letter.”

“Oh... that...” Hinalungkat ni Frances ang malaking pink shoulder bag nito. Mayamaya pa, iniabot nito kay Cath ang isa pang newspaper clipping.

Napakunot-noo ang kanyang dormmate. “Isa na namang aksidente. Nakuryente sa banyo?”

“Siya si Lance Arevalo,” tugon ng dating kaklase. “Nangyari ang aksidente niya isang linggo matapos mag-suicide si Marcelo. Katapusan ng Oktubre 2016. Kaklase siya ni Marcelo sa *Aurelio High* sa Sampaloc, actually, ka-teammate din sa table tennis.”

“Kamag-anak din siya ni Suria, ang namatay nito lang sa Laguna,” pakikisali uli ni Limuel. Mas know-it-all ang tono nito.

Napataas ang isa sa dalawang nalinyahang kilay ng pinsan nito.

“Actually...” Hindi na nagpaawat ang pulis. “Nai-link na lang namin kay Marcelo si Lance nang mag-interview kami sa mga kamag-anak at mga kakilala ni Suria.”

“Well, that’s interesting,” supalpal ni Allie. “Frances told us na sa traffic ka naka-assign.”

Sa halip na mapahiya, umehem pa si Limuel. Tila mas dinama pa ang pagtutok ng limelight dito. “Actually, binusisi ko ang info sa ginawang report ng detective namin—”

“Actually... *actually*, sa utos ko!” salo ni Frances, muling inaagaw ang limelight mula sa pinsang pulis. “Nang malaman ko ang koneksyon ni Suria kay Lance, same freaky death... nagtanung-tanong na ako sa mga kaibigan at mga kakilala ni Lance sa school nito. It’s just that wala na palang mga kaibigan si Lance, mga naaksidente din sila, according to their schoolmates. Then, na-mention si Marcelo at ang rumored cursed letter... Boom!”

“You must feel so good about yourself.” Tiningnan ito ni Allie mula sa rearview mirror ng *BMW* niya. “I still find the whole thing as lunatic, yet you seemed to be a lot serious about it. Apparently, you also received a chain letter from Serena and you ought to die soon.”

Habang kampante lang si Limuel at nakangisi pa, tinakasan ng kulay ang mukha ng dating kaklase. Si Cath ay napamaang

kanya na para bang nagmura siya.

"I was kidding." Asar na bumuntong-hininga si Allie at muling itinutok ang mga mata sa kalsada. Medyo gumaganda na ang takbo nila. Tumila na rin ang ulan. "Sorry po."

"Seventh day ko na ngayon." Hindi inasahan ni Allie ang pagiging thoughtful ni Frances. "Today is my day to die..." Sinulyapan nito ang pulis. "fortunately, nagawa na ng pinsan ko ang pagpapasa ng chain letter sa iba. Dapat na may mamamatay akong malapit sa akin, pero lumipas ang 24-hour ng sixth day ko na walang nasawi sa amin. Safe na ako."

"Talaga?" Si Cath kay Limuel. "Pinadalhan ka ni Frances ng cursed letter?"

"Pinasahan niya ako noong sumunod na araw na napabalitang tumalon sa boarding house si Suria. Umaga natanggap ni Insan ang chain letter. Hapon nang ipasa niya ito sa akin. Para no choice akong tumulong sa kanya."

"Pero naniniwala ka?" tanong uli ng kanyang dormmate.

"S-syempre naman!"

Mabilis ang naging sagot nito pero nahalata niya na nag-alangan ito. Kokomprontahin pa sana ni Allie ang pulis, kaso namataan na niya ang *Petrol* gasoline station sa highway pa-Calamba. Doon nila kakatagpuin si Mateo at ang girlfriend nito. Napabuga siya ng hangin.



9:30 A.M. nang pumasok sila sa *Jungle Resto*, sa compound ng *Petrol* gasoline station. Doon ay naghihintay na sa kanila ang magnobyong, nag-aalmusal na sa isang mesa.

“Na-traffic din ba kayo?” Walang partikular na tinanong si Mateo, natural lang siguro na hindi ito sinagot ni Allie. Sa halip, dumiretso na siya sa counter para umorder ng pagkain. Sinabayan siya ni Cath.

“Sobra.” Si Limuel ang narinig niya na tumugon sa ex iya. “Nagutom na nga kami. Pinsan, longsilog at chocolate sa akin. Umorder ka na.”

“Wow, hindi lang hari ng hangin, ang kapal din ni Patola.” Napangisi siya sa ibinulong ni Cath. “Kung makautos, wagas.”

Nilingon ni Allie si Frances para tingnan ang nakasimangot na mukha nito. Saktong nagkatagpo ang paningin ng magnobyong. Nawala ang ngiti niya. Kaagad din namang yumuko ang dalawa.

Mabait na boyfriend si Mateo. Pakiramdam ni Allie, naabuso niya ito sa tuwing nagtatantrum siya noon. Marami kasi siyang issue sa buhay, sa pamilya at sa mga taong nakapaligid sa kanya. Insensitive raw kasi siya, grabe kung makapagsalita, at hindi raw

marunong magmalasakit. Lumaki naman kasi siya sa mga katulong at naging isang spoiled brat. Pero minahal niya si Mateo. Unfair pa rin na niloko siya nito.

“I’m going to the comfort room before we go,” paalam niya sa dormmate nang makapag-almusal na sila. “I need to freshen up. Kailangan kong maging mas maganda.”

Habang ang magpinsan ay naki-share sa mesa nina Mateo at Jenna, si Cath ay nag-suggest na lumayo sila sa magnobyong. Gusto ng kanyang dormmate na ignorahin na lang niya ang dalawa. Pero hindi pa rin niya napigilang lingunin ang mga ito.

Ang sweet kasi ng mga ito sa isa’t isa. Hindi niya naalaala na naging ganoon sila ng kanyang ex. Hindi naman kasi siya sweet na tao. Naka-couple shirt din ang dalawa. Black kay Mateo habang pink kay Jenna na parehong may white print na ‘I heart.’

So baduy! She couldn’t possibly...

Inabandona niya ang isipin at tumayo na nang kumilos si Cath palabas sa restaurant.

May hiwalay na building para sa comfort room ng mga customer. Nasa kabilang bahagi ito ng compound. Mula sa labas ng *Jungle Resto* na kung saan ay naka-park ang *BMW* ni Allie, SUV ni Mateo, at tatlo pang sasakyan, ay kakailanganin pa nilang tumawid sa

gasolinahan.

Maliban sa mga attendant sa gasolinahan—isa sa cashier na nasa pagitan ng apat na pumping stations at isang boy na nakamando roon—sila lang ni Cath ang nasa labas. Tila mga nasa restaurant pa rin ang mga may-ari ng mga sasakyan.

“Wait up!” Naglalakad na sila sa may hilera ng mga pumping station nang humabol sa kanila si Frances. Bitbit ng babae ang malaking shoulder bag nito. “Magsi-C.R. din ako.”

Sadyang mabagal maglakad ang babae. Tila mas bumilog, mas bumigat ang katawan nito matapos kumain. Wala siyang balak na hintayin ito. Pero napatigil sila ni Cath sa pagbagtas ng isang *Picanto* sa loob ng gasolinahan. Sinundan ito ng puting van.

Samantalang bago ang naunang sasakyan, tila antigo ang van. Mausok at maingay ang tambutso nito. May mga krudo ring pumapatak mula rito. Huminto ito sa harapan ng isang pumping station, sa tabi ng *Picanto*, magpapa-refill din.

“Gosh! Silaban na ‘yan!” naireklamo ni Allie sabay takip sa ilong.

“Ang hard mo, girl,” nakangising sagot ni Frances na bumuntot sa kanila.

“Saan nga pala ang exact address sa Sampaloc?” usisa ni Cath sa dating kaklase.

“May pangalan ka na ba?”

“P. Zamora St., Brgy. 6. Her name is Sabel something.” Tinapik nito pink na shoulder bag. “It’s all here.”

“Inside her magic pink bag,” dagdag ni Allie sa usual tone na magaspang. Bigla siyang nagkainteres sa isang ideya. “Frances, katulad ni Cath, safe ka na rin.” Sarcastic ang pagkakasaad niya. “But why are you doing this? Surely, not to save the world or be a hero?”

“For Serena,” putol nito. “Serena died because of that cursed letter. I am doing this for her and don’t you dare laugh about it.”

Napanganga na lang si Allie nang iwan siya ng babae. Hindi makapaniwalang natarayan siya at wala siyang nagawa tungkol doon.

“What?” asik niya sa kanyang dormmate. Malungkot na umiling-iling kasi si Cath sa kanya, halatang hindi nagustuhan ang ginawa niya.

Pang-isahang tao ang comfort room. Mauuna na sanang gumamit si Frances, pero umatras ito. “I think I left my face powder back at the resto. You two go ahead.” Ibinigay nito ang shoulder bag kay Cath. “Pasuyo?”

Napangiwi ito nang saluhin ang bag. “Grabe, ano ang laman nito? Ambigat.”

“Oo nga, eh.” Apologetic naman si Frances.

“Nariyan ang lahat ng info tungkol sa cursed letter at syempre.... mga makeup at abubot ko. Pahawak saglit.”

Naglakad-takbo ang medyo matabang babae patungo sa pinanggalingan. Nasa kalagitnaan na ito, malapit sa pumping station kung saan naroon pa rin ang lumang van nang mapansin nilang huminto ito. Tila natigilan.

“Frances?”

Kakatwang niyakap nito ang sarili.

Hahakbang na sana si Cath patungo sa dati nilang kaklase. Humarap na ito sa kanila. Putlang-putla, namimilog sa takot ang mga mata.

“I-it can’t be,” napapaiyak na anito. “I’m already safe. Walang namatay sa mga mahal ko!”

Noon bumaba ang magkabilang bintana ng lumang van na nasa gawing likuran lang ni Frances. May makapal na usok na lumabas mula doon na sinabayan ng pag-alingasaw ng amoy ng krudo.

Listong napadiretso si Allie. Naalarma. “OMG, sasabog. Get out of there, Frances!”

Hinila na niya ang dormmate para tumakbo sila palayo. Sa puntong iyon, lumapit ang gasoline boy sa van. Napapakamot sa ulo na kinatok nito ang bintana sa driver’s side. Katatapos lang i-assist ng gasoline boy ang

Picanto kaya noon lang ito nakalapit.

“Bossing, bawal po ang yosi dito,” anito.

Nakahinga nang maluwag si Allie. May nagsisigarilyo lang pala!

“He’s here.” Muli siyang napabaling sa dating kaklase. Kung tensyonado ito kanina, naging kalmado na ang tono nito. Pero hindi pa rin umalis sa kinatatayuan ang babae; nakatulala rin ito sa direksyon nila ni Cath. Tila may tinutunghayan ito sa likuran nila.

Naramdaman ni Allie ang nakakikilabot na dampi ng hangin sa kanyang balat at kasabay niyon, marahas na umurong kay Frances ang lumang van.

Habang nagtititili si Cath, natakpan niya ang magkabilang tainga at nag-iwas ng mga mata. Ewan niya kung na-imagine niya, pero tila narinig niyang lumagutok ang bungo ni Frances sa paglapat ng gulong ng van sa ulo nito.

IV

The Cheater

*O*ctober 9, Monday 4 PM

Hindi mapigilan ni Cath ang pag-iyak. Awang-awa siya at takot na takot sa nangyari kay Frances. Pero in denial pa rin si Allie na ang cursed letter ang naging dahilan ng kamatayan nito.

“It was a tragic incident,” giit nito. “Ang lasing na iyon ang may kasalanan at ikukulong na siya ng mga pulis.”

Mag-aalas onse ng umaga. Halos isang oras na ang lumipas nang magkasunod na dumating ang ambulansya at ang mga pulis. Dead on the spot ang dating kaklase. Napuruhan ito sa ulo na siyang ikinamatay nito. Dilat ang mga mata at duguan ang mukha ni Frances nang

i-retrive mula sa ilalim ng van.

Ayon sa imbestigasyon, nakainom ang driver ng van. Nang katukin ito ng gasoline boy, nabigla ito. Aksidenteng naikambyo pa-reverse ang sasakyan habang natapakan nang mariin ang gasolina. Naging sanhi ang insidente sa pag-urong ng van. Muntik pa silang mabundol ng sasakyan kung hindi lang siya nahila ng kaibigan paiwas. Nakapreno rin naman ang driver, pero huli na.

“Sana hinintay pa natin ang mama at papa ni Frances.” Pinalis ni Cath ang luha at ibinalik ang eyeglasses sa pwesto nito. Tumunghay siya sa labas. Bumibiyahe na sila sa kahabaan ng EDSA. Karga niya ang malaking pink bag ng nasawing babae.

Ipinatong niya ito sa pagitan nila ni Allie. “Hindi rin pala natin naibigay ang bag ni Frances sa ate niya.”

“Isoli na lang natin ang bag sa burol niya,” matabang na sabi nito. “And for crying out loud, naroon naman na ang kapatid ni Frances. Hindi na tayo kailangan doon.”

Naiirita na sa kanya ang kaibigan, pero sa kalsada lang ang mga tingin nito, alerto sa mga naglalakihang sasakyan na nasa unahan nila. Bandang ala-una sila pinawalan ng awtoridad.

Katulad ng gasoline boy, mga witness sila kaya nag-interview pa ang mga imbestigador

sa kanila. Pero matapos niyon ay hindi pa niya magawang iwan ang mga labi ni Frances. Kahit tutol si Allie, sinamahan pa nila ito sa morgue hanggang sa may dumating na itong kamag-anak.

“Dapat sinabi natin ang totoo, Allie—”

“What? Na hindi tayo paluwas para um-attend ng klase? Na pupuntahan natin ang kamag-anak ng nagpakalat ng cursed letter? So gusto mo pa ng usapin? Maybe you want them to blame us for Frances’ death? Seriously, Catherine?”

Tumunog ang cellphone nito. May tumatawag. Sinagot kaagad ito ng kaibigan habang nakasimangot pa rin.

“Hello, Mateo? Where are you, guys?”

Nang dumating ang mga pulis ay pareparehong nawala sina Mateo, Jenna, at Limuel sa eksena. Noon lang nagparamdam ang isa sa mga ito.

“Oh... It’s you.” Tumaas ang isang kilay nito na ipinagtaka niya. Nang kumilos si Cath palapit, ibinigay nito ang phone sa kanya. “I’m driving. You talk to her.”

“Hello?” Na-realize ni Cath na hindi pala si Mateo ang kausap ng kaibigan kundi si Jenna. Kaya naman pala!

“Ako na ang pinatawag ni Matt.” Obvious sa boses na nahihiya ito. “May problema kasi.”

“Nasaan na kayo?” untag niya. “Bakit n’yo kami iniwan?”

“Pasensya na,” tugon nito. “Ayaw ni PO1 na makita siya ng ibang pulis sa resto kanina. Baka raw ma-question pa siya. Nasa *7-Eleven* kami ngayon, sa Sta. Mesa. Tulungan n’yo kami. Nagwawala siya...”



Natanaw nila ang asul na SUV ni Mateo sa harap ng *7-Eleven*. Nasa tabi lang iyon ng isang gasoline station. Ipa-park na sana ni Allie ang sasakyan sa isang bakanteng space sa gilid ng convenience store nang mapansin nila na may kaguluhan sa gasolinahan. Habang nakapanood ang ilang by-standers, nakatunganga rin ang ilang gasoline attendant at mga customer sa isang grupo ng mga kabataan.

Hindi bababa sa sampu ang bilang ng mga teenager. Tila mga tambay, mga out-of-school youth. Mga nakapambahay na T-shirt at jersey shorts, may mga nakasando at gusgusing maong. Pawang mga kalalakihan, edad trese hanggang disiotso. Halatang galit ang mga kabataan, nagsisigawan at mga nagmumura. Isa sa mga ito, mukhang iyong pinakamatanda, ay may dalang dos por dos.

Gang war! naisaloob ni Cath. Noon niya

namataan sina Mateo, Jenna, at Limuel sa likod ng isang truck sa hilera ng mga sasakyan malapit sa car wash. Tila may pinagtataguan ang tatlo. Sa direksyon din ng mga ito ang tumbok ng mga galit na kabataan.

Tinted ang mga salamin ng *BMW* ng kaibigan. Ibinaba niya ang kanyang bintana, saktong sumulyap ang namumutlang si Jenna sa kanya. Nagpaawang hinulma nito ang bibig: 'Help.'

Napatulala si Cath sa pagbaling sa kasama. Hindi makapaniwala na ang kalaban ng mga kabataan ay ang mga sasadyain nila.

"OMG!" nasabi niya. "Paano...?"

"The real question is: Ano ang ginawa ni Patola?" putol nito.

Napa-tsk ang kaibigan at ibinuwelta ang minamaneho papasok sa gasoline station. Nasorpresa ang mga teenager sa pagharurot ng *BMW*. Nagtakbuhan ang mga ito sa magkabilang direksyon, iniwasan ang sasakyan.

Walang palitan ng salita. Sa paghinto ni Allie sa pinagtataguan ng tatlo, pinagbuksan kaagad niya ang mga ito, na mabilis namang pumwesto sa backseat ng *BMW*. Nagsisigawang sumalubong ang mga tambay. Nakahanap naman ng open space ang kanyang kaibigan. Doon ito lumusot at matuling tumakas sa

main road.

“Ano’ng nangyari?” nag-aalalang untag ni Cath.

Putok ang isang sulok ng bibig ng pulis. May bahid ng dugo ang maong nitong jacket at natuloy na ang pagiging ‘Coco Jam’ nito dahil sa namamaga at nagkulay-ubeng pasa nito sa isang mata.

“Nababaliw na siya.” Bagaman composed at mahinhin pa ring magsalita, galit si Jenna kay Limuel. “Idadamay pa niya kami.”

Nasa pagitan ng magnobyong lalaki. Tinampal ito sa isang balikat ni Jenna. Hindi naman nag-react ang pulis. Nanatili itong tulala sa direksyon ni Cath na tila hindi naman siya nakikita.

“Wala sa sarili si PO1... si Limuel, at may nasuntok siya sa *7-Eleven*,” kalmadong pahayag ni Mateo. May mga gasgas sa braso ang ex ni Allie, punit din ang isang laylayan ng itim na ‘I heart’ T-shirt nito. “Kaso may mga kasama’yung binatilyo, kabilang pala sa isang gang. Sinubukan kong humingi ng pasensya, pero sinugod na nila kami. Pinagbabato, pinagsusuntok, at pinagsisipa. Mabuti na lang nakalabas na si Jenna. Pinakisuyuan ko kasi siya na tawagan kayo. Habang pinagtutulungan kami sa loob ng *7-Eleven*, nasa SUV siya. Pero n’ung hinabol kami palabas ng *7-Eleven*,

sumama siya sa amin.”

“Why the hell did you do it?” Nakisali na sa usapan si Allie. Hindi nito inilalayo ang mga mata sa kalsada pero sapat na ang matatalas na salita nito. “From the start, alam ko nang papalpak ka. But I didn’t expect na isasama mo kami sa pagsu-sucide mo.”

Biglang humagulgol si Limuel. “Kasalanan ko kaya namatay ang pinsan ko. Sinabi ko na nagpadala ako ng chain letter niya sa mga kakilala ko, pero sinabi ko lang iyon. Ang akala ko, hindi totoo ang cursed letter. Pero ngayong wala na rin ang ate ko—”

Hindi na nito naituloy ang sinasabi, napabuga ito, sabog ang sipon sa puting T-shirt at maong na jacket nito.

Napangiwi silang lahat. May kinapa ang pulis sa likuran. Ang akala niya ay panyo o tissue ang kinuha nito, pero kalibre .45 iyon.

“Papatayin ko ang mga tambay na iyon... mga ungas!” sigaw nitong umiiyak pa rin. Deadma sa malagkit na likidong tumutulo sa ilong nito.

Habang kapwa naalarma, napayuko sina Cath at Jenna, napabuga naman ng hangin sa dismaya si Allie kahit direktso pa rin ito sa pagmamaneho.

“Relax lang, Sir.” Maingat na kinuha ni Mateo ang baril mula sa pulis. Nahagilap nito

ng mga tingin ang pink bag na nasa pagitan nina Cath at Allie, at doon isinilid ang sandata.

“Sinaksak ng mga tambay sa lugar nila sa Laguna ang kapatid ni SPO1,” paliwanag ni Mateo. “Nakatanggap siya ng tawag sa pag-alis namin kanina sa resto. Mula iyon sa co-teacher ng ate niya. Papasok daw ito bandang ala una kahapon nang sitahin nito ang mga kabataang nagsisigarilyo sa labas ng paaralan. Nagalit daw ’yung pinakamatanda sa grupo. Kagabi, bandang six ay inabangan ito at sinaksak. Nito lang umaga nadiskubre ang bangkay ng ate ni PO1. Nakuha sa tambakan ng basura sa labas ng bayan nila.”

“Mga walanghiya silang lahat!” bulalas uli ni Limuel. Para itong isang batang yumapos sa isang braso ng ex ni Allie. “Pagbabayaran ko silang lahat.”

Nag-criinge man sa pagdikit ng sipon sa bisig ni Mateo, kaswal na inalis nito ang sarili sa pagkakakapit ng pulis at tinapik ito sa balikat. Nagmukhang magkuya ang dalawa. Ang binata ang cool na kuya, habang si Limuel ang uhuging kapatid. Nagmistula din silang mga pyesa sa piano. At dahil mestiso si Mateo, ang semi-kalbong pulis ang ebony, ang itim na pyesa.

Pinasadahan ng binata ng mga daliri ang maigsi bagamat wavy nitong buhok. Katulad

nina Limuel at Jenna, napasulyap din ito kay Allie sa rearview mirror.

“So let me get this straight,” anang kaibigan. Hindi pa rin nito inaalís ang mga mata sa unahan ng sasakyan. Nasa Maynila na sila pero hindi pamilyar kay Cath ang mga kalyeng nilulusutan nito. Sumagi sa isipan niya na patungo na sila sa address ng pakay, sa Sampaloc.

“You cheated on Frances.” Si Allie uli. “Sinabi mong ginawa mo ang task but you lied to her. Walang namatay sa mga minamahal ni Frances as she stated... pero namatay siya. At ikaw, Patola...” Tumikhim ito at nakakagulat na naging sincere at halos mabait ang tono nito. “I’m sorry you lost someone. And sad to say... na huwag naman sana. I mean if the curse is really real—”

“Totoo ang sumpa.” Sising-sisi ang expression ni Limuel. Mukhang maluluha na naman ito. Gamit ang laylayan ng T-shirt, tinuyo nito ang basang mukha, pinahid ang luha, kasama na ang sapon. “Mamamatay na rin ako mamaya.”



Nag-aalalang napasulyap si Cath sa screen ng phone niya. 5:35 PM na at mukhang nawawala sila. Nagpalit na sila ng pwesto ni

Mateo. Siya na ang napalipat sa backseat, kasama sina Limuel at Jenna. Ang Mateo ay kasagutan ni Allie sa unahan, nagtatalo ang dalawa sa destinasyon. Si Mateo na ang nasa manibela. Hindi na nila binalikan ang sasakyan nito sa *7-Eleven*. Tinawagan na lang ng binata ang driver ng ama para kunin doon ang SUV at nang hindi na sila maabala sa pupuntahan.

Mula sa pink bag, hinango ni Allie ang papel na may address ng lugar. “P. Zamora ’yan, di ba?” untag nito sa kanya.

“P. Zamora St., Brgy. 6 sa Sampaloc, Manila,” ayon ni Cath. “Address ng isang Isabella Ocampo. Ito ang kamag-anak ni Marcelo Quevedo.”

Muling bumaling ang kaibigan kay Mateo. “Frances mentioned her name and the address before she died.” Tumingin ito sa bintana, sa highway na walang kabahay-bahay. Walang tao. Puro puno at matataas na damo. “So, bakit sa Libis, Quezon City mo tayo idiniretso?”

“Sa Libis namatay si Quevedo,” sagot ng binata. “May binanggit na si Frances na Don Elio Building sa Libis. Pag-uusapan sana namin ang tungkol dito sa pagbalik niya galing C.R. pero...”

“Ah basta,” giit ni Allie. “Sa P. Zamora tayo dapat pumunta. Crazy fool, nagsayang lang tayo ng oras!”

“Pero—”

“Ako na d’yan,” putol ni Allie. “You are so annoying... really. Ako na ang magmamaneho.”

“Pagod ka pa—”

“Nangawit lang ako. Nakapag-stretch na ako. Hindi ako madaling mapagod. Alam ko rin ang address na pupuntahan natin!”

Napabuntong-hininganalangsi Cath. Grabe talagang mang-away si Allie. Nagmalasakit na ang dating boyfriend na ipagmaneho sila, ito pa ang napasama. Naunawaan na tuloy niya kung bakit tumingin ang lalaki sa iba.

Nakatulog sa tabi niya si Limuel. Si Jenna ay tahimik lang na nakatingin sa labas pero halatang asar na din sa kanyang kaibigan.

“Kalma lang, Allison.” Sinaway na niya ito. “Kung kumain na lang kaya muna tayo?” Sinulyapan ni Cath ang screen ng cellphone niya. “Magsi-six na—”

Nagmulat ang mata ni Limuel. “Six?”

Sa pagkabig ni Mateo ng manibela sa madilim na kalsada, sa kanan ng highway, napansin nito sa side mirror ang isang owner-type jeep na nakabuntot sa kanila. “Sh*t! Nasundan nila tayo!” naibulalas nito saka pinaharurot ang minamaneho.

Nakadama si Cath ng nerbiyos at nilingon ang sasakyan. Nakilala niya kaagad ang lalaking may dalang dos por dos sa gasolinahan. Ito

kasi ang may pinakamalaking katawan, batubato. Ang lalaki ang nagmamaneho habang may kasamang tatlo pang kabataan.

Noon nag-panic si Limuel. Muli itong nag-iiyak. Sinunggaban muli nito ang mga braso ni Mateo.

“PO1!” Tinulungan ni Cath si Jenna na ibalik sa pwesto nito ang pulis. “Ano ang ginagawa mo? Upo!”

“Ako na ang magmamaneho!” anito. “Ikapitong araw ko na ngayon mula nang basahin ko ang cursed letter ni Frances bandang six. At dahil hindi ko ginawa ang pagpapadala... mamamatay na ako! Kailangan nating makalayo—” Sinulyapan ng pulis ang owner-type jeep.

“Sasaksakin din nila ako katulad ng ginawa nila sa ate ko.”

“No one’s going to die,” matigas na saad ni Allie. “Sit down!”

Tila nabingi si Limuel. Nakipag-agawan sa manibela kay Mateo mula sa likuran. Nawalan ng kontrol ang ex-boyfriend ni Allie at nagpazigzag sila sa daan. May kalahating kilometro pa ang itinakbo nila hanggang sa mapapasok sila sa isang malawak na compound ng isang lumang gusali.

Abandonado ang compound. Bukod sa gusali na tila gigibain, tanging mga nagkalat

na hollow blocks, semento, at mga gamit sa construction ang naroon. May tractor at may ilan pang jeepney na may mga lamang kagamitan. Inasahan nila na may security guard, pero wala silang nakitang tao.

Nakikipagbuno pa rin si Limuel kay Mateo. Nang tangkain nina Cath at Jenna na hilahin uli paupo ang pulis, itinulak nito ang dalawa.

Naasar si Allie. Tumayo at inundayan ng suntok ang pulis. Walang sabi-sabi, biglang nag-curve si Mateo. Iniwasan nito ang isang hilera ng mga nakasalansang hollow blocks. Sa kasamaang palad, may bunton ng mga kahoy sa nilikuan ng binata. Doon sila sumalpok. Mabilis na nakalabas ng kotse ang pulis sa paghinto ng sasakyan.

“PO1!” Nauntog si Cath sa side door ng sasakyan sa pagbangga nito. Pero sa kabila ng pagkahilo, binuksan niya ang sidedoor para sundan ang pulis. Hawak pa rin ang cellphone, pinamilugan siya ng mga mata sa oras: 5:58 PM.

Bukod sa dalawang mataas na poste sa magkabilang kanto ng compound, ang ilaw mula sa bumper ng *BMW* ni Allie ang naging liwanag nila sa paligid.

Nadagdagan pa ang liwanag sa pagdating ng owner-type jeep sa compound. Ang grupo ang tinatakanan ni Limuel. Interestingly,

sa direksyon nito tumungo ang pulis. Magpapakamatay ba ito?

Tumigil pa ito sandali at humarap sa kanila. Blangko ang tingin ng lalaki. Kumibot ang bibig. Pinangilabutan sa isang alaala ni Cath pero wala na siyang nagawa. Eksaktong six ng gabi, sumugod sa kamatayan nito si Limuel.